Department of Education
**Bureau of Secondary Education**
CURRICULUM DEVELOPMENT DIVISION
**Meralco Ave., Pasig City**

# Project EASE

(Effective Alternative Secondary Education)

## FILIPINO 1

## *Modyul 7*

*Pagbibigay ng Opinyong Positiv at Negativ at Pagpapahayag ng Dami, Lawak at Lokasyon*

# Modyul 7
# Pagbibigay ng Opinyong Positiv at Negativ at Pagpapahayag ng Dami, Lawak at Lokasyon



## Tungkol saan ang modyul na ito?

Magandang araw sa iyo! Binabati kita sa pagtatapos mo ng mga nakaraang modyul.

Madalas ay naririnig o napapanood mo ang mga taong nagtatalo o nagdedebate tungkol sa isang isyu. Halimbawa, ang mga kabataan ay pabor sa paggamit ng cellphone, samantalang ang mga katandaan ay hindi. Sinasabi nilang istorbo lang iyan sa pag-aaral bukod sa dagdag gastos. Sabi naman ng mga kabataan ay hindi totoo iyon.

Paano mo nga ba maipagtatanggol ang iyong panig o paniniwala? Isa ito sa mga matututuhan mo sa modyul na ito. Matututuhan mo ring kilalanin at suriin ang mga positiv at negativ na opinyon. Bukod dito, tuturuan ka ring gumamit ng mga salitang naglalahad ng dami, lawak at lokasyon.

Sisikapin ng modyul na ito na matulungan kang higit na maunawaan ang tekstong argyumentativ.

Marahil ay nakahanda ka na. Huwag kang mag-aalala, tutulungan ka ng modyul na ito.




## Ano ang matututunan mo?

Inaasahang matatamo mo ang mga sumusunod na kasanayan sa pag-aaral ng modyul na ito.

1. nakikilala ang mga talatang may tekstong argyumentativ
2. nakasusulat ng mga tekstong argyumentativ
3. napipili ang mga positiv at negativ na opinyon sa loob ng teksto
4. natutukoy at nagagamit nang wasto sa pagpapahayag ang mga salitang nagsasaad ng
   a. Dami o lawak (tiyak at di-tiyak)
   b. Lokasyon o direksyon

Sige magpatuloy ka.



## *Paano mo gagamitin ang modyul na ito?*

Narito ang mga tuntuning dapat mong sundin sa paggamit ng modyul:

1. Una sa lahat, ingatan mo ang modyul na ito. Huwag mo itong dudumihan at susulatan. Gumamit ka ng hiwalay na sagutan/sulatang papel para sa pagsagot sa mga pagsusulit.

2. Sagutin mo at huwag lalaktawan ang *Panimulang Pagsusulit*. Ito ang panimulang hakbang upang masukat at matiyak ang dati mo nang kaalaman sa paksang tatalakayin sa modyul na ito.


3. Kunin mo sa iyong guro ang susi sa pagwawasto. Iwasto mo ang iyong sagot. Maging matapat ka lamang sa pagwawasto, ha? Huwag kang mag-aalala kung mababa ang markang nakuha mo. May inihanda akong mga gawain at iba pang pagsasanay na tiyak na makatutulong sa iyo.

4. Basahin at unawain mong mabuti ang mga teksto bago mo sagutin ang mga gawaing kaugnay nito. Unawain mo ring mabuti ang mga panuto dahil malaki ang maitutulong nito upang maging madali sa iyo ang pagsagot sa mga gawain.

5. Sagutin mo agad ang *Pangwakas na Pagsusulit* upang matiyak mo kung natutunan mo ang aralin, kunin mong muli ang susi sa pagwawasto sa iyong guro. Muli, maging matapat ka sa pagwawasto.

6. Bigyang-halaga mo sana ang modyul na ito, kaibigan. Sikapin mong sagutin ang mga gawaing inihanda ko katulad ng pagsisikap kong matulungan kang matuto.

Sige, magsimula ka na!



## *Ano na ba ang alam mo?*

Sagutan ang panimulang pagsusulit. Huwag kang mag-alala, aalamin lang nito kung kailangan mo pa ang modyul na ito o tutuloy ka na sa susunod. Gumamit ka ng hiwalay na sagutang papel.

I. Panuto Isulat ang **A** kung argyumentativ, at **H** kung hindi argyumentativ ang teksto.

______ 1. Dapat na kondenahin ang walang pahintulot at labag sa batas na paggamit ng kompyuter. Isa itong panganib sa ekonomiyang pandaigdig. Dahil sa walang pakundangang paggamit nito, nalalagay sa hindi mabuting sitwasyon ang mga bangko at korporasyon. Maaaring mabangkrap ang mga kumpanya dahilan dito.Dagdag pa, pati ang mga pribadong buhay

ng mga mamamayan at dokumento ng mga ahensya ng gobyerno ay nalalagay sa panganib na magamit nang labag sa batas. Isa pa ay nagkakaroon ng pagnanakaw na intelektwal. Sa palagay ko, dapat lamang na maparusahan ang mga kriminal at abusado sa paggamit ng kompyuter.

_____ 2. Sa harap ng patuloy na pagtaas ng presyo ng langis sa pandaigdigang pamilihan, may alternatibong maaaring ikonsidera ang Pilipinas. Ito ay ang paggamit ng natural gas. Ang Department of Science and Technology sa pamamagitan ng Philippine Council for Energy Research and Development ay sumusuporta sa pagsusulong nito. Natagpuan sa Palawan ang isang mina ng natural gas na may 3.4 trillion cubic feet. Sinasabing makasasapat ito sa 20 taong suplay ng kuryente kung idedevelop. Noong Oktubre 16, 2002, inilunsad ni Presidente Arroyo ang Natural Gas Vehicle Program for Public Transport bilang unang hakbang tungo sa paggamit ng nasabing alternatibo.

_____ 3. Ang preserbasyon ng pagkain ay unang natuklasan ng isang French *chemist* na si Nicholas Appert. Naobserbahan niya na ang mga pagkaing ininit sa selyadong lalagyan ay hindi nasisira kung hindi ito bubuksan o mapapasukan ng kahit na hangin man lamang. Dito nagsimula ang malawakang pag-unlad ng preserbasyon ng pagkain. Limampung taon matapos ng pagtuklas, isa na namang Pranses ang nakaimbento ng isa pang paraan. Ito ay tinawag na *pasteurization*, hango sa pangalan ni Louis Pasteur. Siya naman ang nakakita ng relasyon ng *microorganism* at pagkasira ng pagkain. Mula rito, nagsimula ang preserbasyon sa paglalata ng mga pagkain.

_____ 4. Ang pagpaparami ng pagkain sa pamamagitan ng jenetiks ay isang malaking isyung dapat talakayin. Dapat ba o hindi dapat na gamitin ito? Ayon sa ilan, ito raw ay magaling at nakatutulong nang malaki sa buhay ng tao. Samantalang ang sabi ng iba, marami raw itong ibubungang makasasama sapagkat hindi gumagamit ng likas na paraan ng produksyon. Maaari raw itong makasira sa prodaktiviti ng lupa at makalason sa mga katabing halaman.

_____ 5. Patuloy na lumalaki ang populasyon ng mundo. Dapat bang kontrolin ang pagdami ng tao sa pamamagitan ng kontraseptivs? Naniniwala akong hindi dapat. Una, ang likas na pagpaparami ng tao ay mula sa Diyos kaya hindi dapat labagin. Ikalawa, ang kalikasan ay may sariling paraan ng pagbabalanse ng kaganapan sa daigdig kaya hindi natin ito dapat problemahin. Ikatlo, kung ang problema ay pagkakaroon ng kakulangan sa pagkain at iba pang pangunahing pangangailangan… pagsisikap at pagmamalasakit lamang ang solusyon diyan.

II. Panuto: Piliin ang angkop na pang-ugnay upang mabuo ang teksto. Isulat sa sagutang papel na nakalaan.

| | | | |
|---|---|---|---|
| Samakatwid | Samantala | upang | kapag |
| Sapagkat | kung gayon | ngunit | |

Makabubuti nga ba o makasasama ang mga imbensyong ginagawa ng mga pangunahing kumpanya sa Japan? Marami ang naniniwalang ito ay kakaiba at nakatutuwa, **(1)**______________ ay nakatutulong**.(2)** ______________, ang iba ay nagsasabing ito ay isang banta sa kaligtasan ng buhay ng tao at isang panganib sa lipunan.

Kunin nating halimbawa ang bagong imbensyon ng Sony. Tinawag nila itong SDR-4X. Isang robot na may kakayahang sumayaw at kumanta. May taas itong halos dalawang talampakan, may dalawang paa at 38 sugpungan (body joints). Dahil dito, kaya nitong mag-boogie. Maaari rin itong makakilala ng 10 mukha ng tao at mabati sila nang personal. Sa kasalukuyan, tinatangka ng mga siyentista ng Sony na maging interaktiv ang SDR-4X **(3**)________________ tuluyan itong magkaroon ng kakayahang makisalamuha sa mga tao. Halimbawa, **(4**)_______________ kapag binati mo ito nang maayos,gayundin ang kanyang gagawin. Kapag inabuso mo, iiyak naman.

Paano kung katulad ng ibang imbensyon, magkaroon ng pagkakamaling hindi naman inaaasahan? Paano kung maging marahas ang reaksyon ng mga robot? Magwasak ito ng mga ari-arian, at ang pinakamasama sa lahat, manakit o pumatay ng tao? Kung magkakaganoon, hindi ba napakalaking panganib ang ibibigay nito? **(5**)_______________, nararapat lang na pag-ukulan na masusing pagsusuri ang mga imbensyong katulad nito.

III. Panuto: Isulat ang **POS** kung positiv, at **NEG** kung negativ ang mga pahayag.

_____ 1. Makabubuti sa kaunlaran ng bansa ang pagkakaroon ng mga disiplinadong mamamayan.

_____ 2. Tunay na mahalaga ang pakikisangkot sa mga isyu ng lipunan.

_____ 3. Hindi maaaring umunlad ang mga taong walang pakialam sa nangyayari sa paligid.

_____ 4. Salungat ako sa proposisyong paggamit ng kontraseptivs upang makontrol ang paglaki ng populasyon.

_____ 5. Ang mararahas na programa sa telebisyon ay may masamang epekto sa isipan ng mga bata at kabataan.

IV. Panuto: Isulat kung ang mga salitang nakabold ay tumutukoy sa **dami**, **lawak** o **lokasyon**.

**Isla ng Camiguin**

Ang pangalang *Camiguin* ay nanggaling sa salitang *Kamagong*, isang uri ng puno na karaniwan noon **(1) sa isla**.Ang mga Manobo mula sa Surigao ang unang nanirahan dito. Ayon sa mga dokumentong natagpuan noong Panahon ng Kastila, ang mga dakilang manlalakbay na sina Ferdinand Magellan at Miguel Lopez de Legaspi ay nakarating **(2**)**dito** noong 1521 at 1565.

Ang Camiguin ay isang pulong volkanik na matatagpuan sa Dagat ng Bohol, **(3)54 na kilometro** sa hilagang Mindanao. Dahilan sa pagsabog ng **(4) pitong** bulkan, nabuo ang napakagandang isla kaya binansagang“Isinilang ng Apoy.” Wala pang matatagpuang lugar sa Timog-Silangang Asya na maaaring makapantay sa kagandahan ng lugar na ito.Itinatayang may sukat itong **(5)238 kilometro kwadrado**. Ang mga kalsada ay may sirkumperensyang **(6) 64 na kilometro**. Naging bahagi ang Camiguin ng Misamis Oriental hanggang noong 1968. Pagkatapos ay naging hiwalay na parte ng Rehiyon X o **(7)Hilagang Mindanao.** Sa kasalukuyan**,** may **(8)70,000** na ang populasyon nito**.**

Itinuturing itong isa sa **(9) 25** pinakamagagandang isla ng Pilipinas na paboritong destinasyon ng mga turista.Ibinilang din itong ika-7 sa pinakamahuhusay na *diving spot* sa buong mundo. Isang paraisong hindi pa naaabuso ng tao at ng modernisasyon.Nasa **(10)gitna ng dagat**, may maiinit at malalamig na mga bukal ng tubig, naggagandahang mga talon, malinis na kapaligiran, mayamang kagubatan at halamanan, at kahanga-hangang lokasyon.

V. Sumulat ng isang tekstong argyumentativ, gamit ang mga sumusunod na gabay. Maaaring umisip ng paksang higit mong naiibigan o pumili ng nakatala sa ibaba. Ipatsek sa iyong guro. May katumbas itong 20 puntos.

*Panood ng mga Bata ng Anime: Nakasasama o Hindi?*

*Dapat Parusahan ng Kamatayan ang mga Taong Gumagawa ng Karumal-dumal na Krimen*

*Ang mga Batang Lansangan ay Repleksyon ng Uri ng Pamamalakad ng Pamahalaan*

________________________________________
(Pamagat)

Tatalakayin ko rito ang ________________________________(Paksa).

May dalawang panig ito: ___________________________________(unang panig) at
_______________________________________________________(Ikalawang panig).
Naniniwala akong ______________________________________ (Ang iyong panig)
Narito ang aking mga patunay. Una, _____________________________________
________________________________________________. Nasabi ko ito dahil ___
_____________________________(Ipaliwanag ang unang patunay). Ikalawa, _____
__________________________________________________________. (Ilahad
ang ikalawang patunay). _______________________________________(Magbigay
ng halimbawa sa ikalawang patunay).______________________________________.
At sa huli, ___________________________________________ (ang ikatlong
patunay).

Bilang konklusyon, masasabi kong ____________________________________
(panghuling paliwanag at depensa). Kaya, naninindigan akong _________________
_________________________________________ (Pagbibigay-diin sa iyong panig).

## *Mga Gawain sa Pagkatuto*

Sub-Aralin 1:

### Pagkilala at Pagsulat ng Tekstong Argyumentativ
### Mga Salitang Nag-uugnay ng mga Kaisipan

Layunin:

1. nakikilala ang mga tekstong argyumentativ at ang mga katangian nito
2. nagagamit ang mga angkop na pang-ugnay ng mga kaisipan
3. nakasusulat ng mga tekstong argyumentativ

**Alamin**

Mahilig ka bang mag-video games? Gumagamit ka ba ng cellphone? Marahil ay oo. Nakalilibang ito, hindi ba? Ang galing talaga ng tao! Mahusay umimbento lalo na sa larangan ng teknoloji.

Ang telebisyon ay isa pa sa produkto ng teknoloji. Halos lahat ng mg bahay ay mayroon na nito. Ano ang paborito mong programa? Siguro ay kartuns, drama, aksyon, basketbol o telenovela.

Naisip mo ba kung anu-ano ang maaaring idulot ng mga makabagong teknoloji sa iyong buhay?

Sige, basahin mo ang artikulong ito nang magkaroon ka ng ideya.

## Teknoloji: Nakasasama o Nakabubuti sa Buhay at Pamilya?




1. Madalas na pinagtatalunan ng mga tao kung ang teknoloji ay nakasasama o nakabubuti. Marami ang nagsasabing napagiginhawa at napauunlad nito ang uri ng pamumuhay ng tao, samantalang ayon sa iba, ito ay nakasisira. Sa aking opinyon, ang dalawang pananaw ay parehong tama subalit may mga limitasyon. Higit pa rito, naniniwala ako na ang dapat suriin ay kung paano ginagamit ng tao ang produkto ng teknoloji.

2. Gagamitin kong halimbawa ang telebisyon. Maraming dekada na ang nagdaan at hanggang sa kasalukuyan, inaakusahan pa rin ang telebisyon na siyang sumisira sa pamilya at nagwawasak ng kaisipang ng mga batang manonood. "Idiot box," ang taguri sa Ingles. Pinaninindigan ko, kahit na ang telebisyon ay nasasangkot dito, ang problema ay hindi nag-uugat sa teknoloji kung hindi sa mga taong gumagamit nito.

3. Una, hinahayaan ng mga taong patakbuhin nito ang kanilang buhay. Nakapagdidikta ang telebisyon ng mga gawi, kilos at lenggwahe ng mga manonood. Pinaniniwalaan ko ito sapagkat ang mga magulang, hindi ang telebisyon, ang nagpapahintulot sa kanilang mga anak na umupo sa harap ng telebisyon at manatili roon ng mahabang oras. Ikalawa, ang mga magulang din ang nagpapabayang mapalitan ang oras na para sa pamilya ng walang kabuluhang oras ng panonood. Sa halip na magkaroon ng "bonding" ang pamilya, ang bawat isa ay abala sa panonood ng mga paboritong programa. Karagdagan rito, hindi rin napipili ng mga magulang o sinumang nakatatanda sa bahay, ang mga programang dapat na panoorin ng mga bata sa bahay.

4. Ang mga konsepto at kaisipang napapanood ay hindi nasasala. Sa halip, ito ay tuwirang pumapasok sa isip ng mga kabataan. Kung ito ay tungkol sa karahasan at pang-aabuso, walang nakapagpoproseso nito sa batang manonood.

5. Sa katotohanan, hindi ang teknoloji ang dapat sisihin kung hindi ang mga taong tumatangkilik at gumagamit nito. Samakatwid, ang telebisyon ang bahagi lamang ng suliraning pampamilya, gayundin ng pagkawasak ng kaisipan ng mga bata. Bilang konklusyon, ang masamang paghatol ng taong nanonood ng telebisyon, o ang mga nagpapabayang magulang ang dapat sisihin, hindi ang teknoloji.

Ngayong tapos mo nang basahin, anu-ano ang mga naidudulot sa iyo ng programang iyong pinapanood? Tama. Nalilibang ka at lumilipas ang oras nang hindi mo namamalayan. Nakatutulong ba ang telebisyon sa iyong sarili at pamilya? Tama ka. Kung minsan ay oo, kung minsan ay hindi. Kahit na nakalilibang ang panonood ng telebisyon, nababawasan o nawawalan naman ng oras para magkalapit ang magkakapamilya.

Sinasabi sa artikulo na ang mga magulang na nagpapahintulot sa mga anak na manood ng telebisyon ang dapat sisihin sa halip na ang teknoloji, hindi ba? Narito ang ilang mga pananalitang ginagamit sa teksto. Basahin mo ang bawat isa.

Gawain 1 Pangkatin mo ang mga pananalita. Isulat sa kolum **A** ang may kaugnayan sa magulang, at sa kolum **B** ang sa teknoloji.

| | | |
|---|---|---|
| Nagpapabaya | Hindi napoproseso ang panoorin | |
| Nakalilibang | Nakasisira ng pamilya | |
| Nagpapahintulot na manood | Idiot box | Nagwawasak ng kaisipan |
| Napagiginhawa | Walang kabuluhang programa | |
| Hindi nasasala ang konsepto | Napauunlad | |

| Kolum A: Magulang | Kolum B: <u>Teknoloji</u> |
|---|---|
| | |

Ganito, humigit-kumulang ang magiging sagot mo.

| Kolum A: <u>Magulang</u> | Kolum B: <u>Teknoloji</u> |
|---|---|
| Nagpapabaya<br>Hindi napoproseso ang panoorin<br>Nagpapahintulot na manood<br>Hindi nasala ang konsepto | Nakalilibang<br>Idiot box<br>Walang kabuluhang programa<br>Napauunlad<br>Nakasisira ng pamilya<br>Nagwawasak ng kaisipan<br>Napagiginhawa |

Tama ba ang klasifikasyon mo? Kung hindi, basahin mo ulit ang teksto. Ngayon, balikan mo ang mga salita at pariralang nakita mo sa teksto.

Paano ito ginamit? Ginamit ito sa pagpapaliwanag sa punto ng argumento. Dahil hindi naniniwala ang manunulat na ang teknoloji ay dapat sisihin sa mga problemang pampamilya at personal, kinailangang patunayan niya ang kanyang panig.

Magbigay ka nga ng ilang pagpapatunay na inilahad ng awtor. Ganito ba ang isinulat mo?

Ginamit niyang halimbawa ang telebisyon bilang isang produkto ng teknoloji. Sinabi niya na ang mga manonood ang nagdedesisyon kung ano ang panonoorin at gaano kahabang oras ang ginugugol nila sa panonood. Kung ganoon, tao ang dapat sisisihin kung may nagiging masamang epekto ang telebisyon, hindi ang teknoloji.

Sige magpatuloy ka upang higit mong maunawaan.

Pag-usapan natin ang paksa ng teksto. Saang talata ito makikita? Nasa talata **1,** di ba?

Ano naman ang pangunahing isyung inilahad? Teknoloji. Tama.

Ngayon, napansin mo ba na binigyan ng dalawang panig ang isyu? Anu-ano ang mga ito? Kung nakabubuti o nakasasama, di ba?

Sagutan mo nga ang tatlong tanong na ito.

| | |
|---|---|
| 1. Ilahad ang panig ng manunulat. | |
| 2. Itala ang tatlong dahilan kung bakit ito ang panig niya. | a.<br>b.<br>c. |
| 3. Ano ang kanyang kongklusyon? | |

Paano mo sinagutan ang mga tanong? Binasa mong muli ang teksto, hindi ba? Hinanap mo ba ang tiyak ng mga dahilang inilahad ng manunulat? Kung Oo, tama ang mga paraang ginamit mo. Ganoon nga. Kailangang maging tiyak at detalyado ang mga sagot.

Malapit ba rito ang iyong mga sagot? Kung ganoon, tama ka.

| | |
|---|---|
| 1. Ilahad ang panig ng manunulat. | Hindi ang teknoloji ang dapat sisihin sa pagkasira ng isip ng mga bata at sa pagkawasak ng pamilya. |
| 2. Itala ang tatlong dahilan kung bakit | a. Hinahayaan ng mga taong patakbuhin nito ang kanilang buhay. |

| | |
|---|---|
| ito ang panig niya. | b. Napapabayaan ng mga magulang g mapalitan ng telebisyon ang oras na pampamilya.<br><br>c. Hindi napipili ng mga magulang ang mga programang dapat panoorin ng mga bata. |
| 3. Ano ang kanyang kongklusyon? | Hindi ang teknoloji ang dapat sisihin. |

Napansin mo marahil na inunawa mo munang mabuti ang mga pahayag bago mo ito naisulat. Makalawa mo sigurong binasa o higit pa, bago mo tuluyang itinala ang mga sagot. Tama ang ginawa mo.Ganito kasi ang kailangan sa pagbabasa**.**

Suriin mo ang teksto. Kabilang ito sa uring argyumentativ. Ang tekstong argyumentativ ay naglalahad ng mga isyu. Maingat ding inilalahad ng sumulat ang panig ng isyung pinaniniwalaan o pinaninindigan niya. Layunin kasi nitong makumbinse o mahikayat ang iba, sumang-ayon sa mga katotohanang inilalahad, makibahagi sa valyung pinaninindigan at tanggapin ang argumento at konklusyon ng manunulat.

Balikan mo ang ilang bahagi ng teksto upang higit mong maunawaan.

- *Madalas na pinagtatalunan ng mga tao kung ang teknoloji ay nakasasama o nakabubuti.*

Ito ang unang pangungusap sa teksto na naglahad kung ano ang paksa at ang isyu. Hindi ba ang paksa ay **teknoloji**? Ano naman ang isyu? Tama! Kung ito ay **nakabubuti** o **nakasasama**. Sa pagsulat ng tekstong argyumentativ dapat na mailahad kaagad sa unang pangungusap pa lamang ang paksa at isyung tatalakayin.

Suriin mo ang mga kasunod na pangungusap.

- *Marami ang nagsasabing napagiginhawa at napauunlad nito ang uri ng pamumuhay ng tao, samantalang ayon sa iba, ito ay nakasisra. Sa aking opinyon, ang dalawang pananaw ay parehong tama subalit may mga limitasyon. Higit pa rito, naniniwala ako na ang dapat suriin ay kung paano ginagamit ng tao ang produkto ng teknoloji.*

Pansinin na naglahad ng dalawang panig ang manunulat – ang opinyon ng sumasang-ayon at ng di-sumasang-ayon. Pagkatapos ay nagbigay siya ng sariling opinyon – na parehong tama ang dalawang panig **subalit** may limitasyon. Binigyang-diin niya ang kasunod na paniniwala sa pamamagitan ng paggamit ng pang-ugnay na **higit pa rito**. Sa bahaging ito ay nagsisimula na ang manunulat na buuin ang kanyang argumento. Nasusundan mo ba? Ganito ang paraan sa unti-unting pagbuo ng tekstong argyumetativ.

Ngayon basahin mo naman ang ikatlong talata. Bigyang-pansin mo ang mga salitang nakabold.

- ***Una**, hinahayaan ng mga taong patakbuhin nito ang kanilang buhay. Nakapagdidikta ang telebisyon ng mga gawi, kilos at lenggwahe ng mga manonood. Pinaniniwalaan ko ito sapagkat ang mga magulang, hindi ang telebisyon, ang nagpapahintulot sa kanilang mga anak na umupo sa harap ng telebisyon at manatili roon ng mahabang oras. **Ikalawa**, ang mga magulang din ang nagpapabayang mapalitan ang oras na para sa pamilya ng walang kabuluhang oras ng panonood. Sa halip na magkaroon ng "bonding" ang pamilya, ang bawat isa ay abala sa panonood ng mga paboritong programa. **Karagdagan** rito, hindi rin napipili ng mga magulang*

*o sinumang nakatatanda sa bahay, ang mga programang dapat na panoorin ng mga bata sa bahay. Ang mga konsepto at kaisipang napapanood ay hindi nasasala. Sa halip ito ay tuwirang pumapasok sa isip ng mga kabataan. Kung ito ay tungkol sa karahasan at pang-aabuso, walang nakapagpoproseso nito sa batang manonood.*

Ano ang napansin mo sa kabuuan ng talatang ito? Tama ka. Inisa-isa nito ang mga patunay sa panig ng manunulat. Ang mga salitang **una, ikalawa, karagdagan**, ay nagsilbing pananda o marker nito. Sa bahaging ito nagkaroon ng mas malawak na paliwanag at patunay kung bakit naniniwala ang manunulat na ang mga tao ang nagiging dahilan ng ikasasama o ikabubuti ng paggamit ng teknoloji. Ito rin mismo ang isinulat mo sa kolum na sinagutan mo kanina kaya lang ay may elaborasyon.

Tingnan mo naman ngayon ang huling talata. Pansinin mo rin ang mga salitang nakabold pati ang daloy ng paghahanay ng mga kaisipan. Simulan mo.

- ***Sa katotohanan**, hindi ang teknoloji ang dapat sisihin kung hindi ang mga taong tumatangkilik at gumagamit nito. **Samakatwid**, ang telebisyon ay bahagi lamang ng suliraning pampamilya, gayundin ng pagkawasak ng kaisipan ng mga bata. **Bilang kongklusyon**, ang masamang paghatol ng taong nanonood ng telebisyon, o ang mga nagpapabayang magulang ang dapat sisihin, hindi ang teknoloji.*

Ang unang pangungusap ay gumagamit ng pariralang **sa katotohanan,** bilang pagpapatibay sa puntong hindi ang teknoloji ang dapat sisihin kung hindi ang tao. Nagtuluy-tuloy ang lohikal na paghahanay ng kaisipan sa pamamagitan ng pagsasabing *ang telebisyon ay bahagi lamang ng suliranin*.

Nagkaroon ng koneksyon ang magkasunod na pangungusap. Paano? Sa pamamagitan ng salitang **samakatwid**. Sa huli, nagkaroon ng linaw ang teksto sa pamamagitan ng pariralang **bilang kongklusyon** at binigyang-diing muli ang panig ng manunulat na – hindi teknoloji ang dapat sisihin kung hindi ang masamang paghatol ng tao sa paggamit nito.

Kumusta ang iyong pagsusuri? May malabo ba? Kung mayroon, balikan mo ang mga bahaging hindi mo gaanong maintindihan.

Sa kabuuan, tandaan mong may tatlong bahagi ang tekstong argyumentativ:

1. Paksa at isyung pinapanigan
2. Paglalahad ng tatlong patunay na susuporta sa iyong isyu o argumento

3. Pagbibigay-diin sa iyong punto at pagbanggit na muli ng iyong panig

Lagi mong tandaan na ang paghahanay ng kaisipan ay dapat na maayos at lohikal. Maaari mong gamitin ang mga sumusunod na pang-ugnay upang maipakita ang koneksyon ng mga ideyang inilalahad:

**Una** – para sa unang patunay
**Ikalawa** – para sa ikalawang patunay

**Karagdagan dito/doon**
**Higit pa rito/roon**
**Lalo`t higit**
**Bukod ditto**
} para sa mga kasunod ayon sa digri ng pagpapatunay

Halimbawa:

**Lalo`t higit** na dapat bantayan ang mga taong gumagawa at nagbebenta ng bawal na gamot. Sila ay salot sa lipunan.

Iba rin naman ang gamit ng mga sumusunod:

**Ngunit**
**Bagamat**
**Datapwat**
**Subalit**
} Para sa pagbibigay daan sa mga nagsasalungatang pahayag na gagamiting patunay

Halimbawa:

Nagkamali nga ang mga adik **subalit** hindi ba sila maaaring bigyang muli ng pagkakataon?

Sa pagtatapos o kongklusyon ng argumento, maari mong gamitin ang mga sumusunod na parirala:

| | |
|---|---|
| **Sa pagbubuod** | **Bilang konklusyon** |
| **Sa kabuuan** | **Sa pagtatapos** |
| **Samakatwid** | **Bilang paglalagom** |

Halimbawa:

**Bilang paglalagom**, nais kong bigyang-diin na hindi dapat lubusang sisihin ang mga sugapa sa bawal na gamot. Biktima lamang sila.

Ang lahat ng ito ay makatutulong upang makabuo ng mga tekstong argyumentativ. Subukin mong gawin ang mga pagsasanay na sumusunod.

## Gamitin

Tingnan mo kung mailalapat mo ang iyong natutuhan.

Gawain 1 Basahin mo ang talata at bigyang pansin ang mga pang-ugnay na nasa panaklong. Piliin ang angkop sa diwa ng pangungusap. Isulat ang sagot sa hiwalay na sagutang papel.

**Parusang Kamatayan: Makatarungan o Hindi?**

Pinakamalalang anyo ng pagpaparusa ang kamatayan. Tinatawag din itong parusang kapital o korporal **(1. sapagkat, bagamat)** nangangailangan ng alagad ng batas **(2. subalit,upang)** maisagawa ang aktwal na pagpatay. **(3. Ngunit, Bagamat)** hindi ba ang mga tumutulong sa pagpapatupad ng parusang kapatayan ay mga kriminal din?

May mahahalagang isyung matagal nang pinagtatalunan kaugnay nito. **(4. Sa kabuuan, Una)** ay ang deterens teori. Sinasabi nito na ang isang taong rasyonal o nasa tamang pag-iisip ay matatakot na gumawa ng krimen kung ang kaparusahang matatamo niya ay mas mabigat kaysa sa kapakinabangang makukuha. Sa kasong ito, kamatayan nga. **(5. Kasunod, Karagdagan dito)**, ang retribusyon. Ito ay ang pangangailangan ng lipunan na magpahayag ng matibay at sapat na pagkondena sa mga karumal-dumal na krimen. **(6. Ikalawa, Ikatlo)**, ang pagiging arbitrari o kawalang katwiran ng nagpapatupad ng batas. Ito ang higit na pagpapairal sa bugso ng damdamin kaysa sa katwiran ng katarungan. Nagkakaroon ng pagkiling o *bias* sa pagpapatupad ng batas. **(7. Panghuli, Sa wakas)** ay ang panganib na magkamali sa paghatol. Kahit na gaano pa kaingat sa pagsusuri at paghatol ang hustisya, nagkakamali pa rin. Ilang beses nang nangyari na matapos na maipatupad ang parusang kamatayan, lumilitaw ang tunay na nagkasala **(8. dahil sa, datapwat)** nakukunsensya.

Ang kaibahan ng parusang kamatayan sa iba pang uri ng kaparusahan ay hindi na ito nababago. Wala nang bawian. Naniniwala ako na nararapat lamang ng magkaroon ng parusang magtuturo ng leksyon **(9. subalit, bagamat)**, naniniwala rin akong dapat na ito ay maging parehas. **(10. Samakatwid, Sapagkat)** ang parusang kamatayan ay hindi makatarungan.

Ganito ba ang iyong sagot? Itsek mo.

1. Sapagkat
2. upang
3. Ngunit
4. Una
5. Kasunod
6. Ikatlo
7. Panghuli
8. Dahil sa
9. Subalit
10. Samakatwid

Gawain 2: Heto pa ang isa. Basahin ang teksto. Punan ang patlang ng mga wastong pang-ugnay upang maging lohikal ang paghahanay ng mga kaisipan.

| | | |
|---|---|---|
| Ikalawa | Una | Sa katotohanan |
| Karagdagan dito | Bilang paglalagom | Samakatwid |

Dapat na maglaan ang pamahalaan ng mas malaking suportang pinansyal sa mga Day Care Centers. **(1)** ____________, ang mga Centers na tulad nito ay tumutulong sa development ng mga paslit. Arito ang mga dahilan: **(2)** ____________, nagbibigay ito ng pagkakataon upang makahalubilo nila ang mga kapwa bata. Nagbibigay ito ng oportunidad na magkaroon sila ng kasanayang sosyal. **(3)** ____________, mas nagiging responsable ang mga bata at hindi gaanong umaasa sa kanilang mga magulang sa maliliit na mga bagay**.(4)** ____________, ang mga magulang ay nakapagtatrabaho. **(5)** ____________, mas nagiging produktibo at nakatutulong sila sa pagpapaunlad ng ekonomiya ng bansa. **(6)** ____________, naniniwala akong dapat na magbigay ng mas malaking badyet ang gobyerno sa mga Day Care Centers.

Ihambing mo ang iyong sagot dito.

1. Sa katotohanan
2. Una
3. Ikalawa
4. Karagdagan dito
5. Samakatwid
6. Bilang paglalagom

Tama ba ang lahat ng sagot mo? Kung Oo, sige, magpatuloy ka. Kung kailangan mong balikan ang teksto, sige gawin mo.

Gawain 3 Balikan mo ang tekstong ***Parusang Kamatayan: Makatarungan o Hindi?*** Basahin itong muli at suriing mabuti. Sagutin ang mga sumusunod na tanong.

| | |
|---|---|
| 1. Ano ang paksa ng artikulo? | |
| 2. Anu-ano ang dalawang panig ng isyu? | |
| 3. Ilahad ang panig ng manunulat. | |
| 4. Itala ang tatlong dahilan kung bakit ito ang panig niya. | |
| 5. Ano ang kanyang kongklusyon? | |

Ganito ba ang iyong sagot? Itsek mo.

| | |
|---|---|
| 1. Ano ang paksa ng artikulo? | Parusang Kamatayan |
| 2. Anu-ano ang dalawang panig ng isyu? | Makatarungan ba o Hindi? |
| 3. Ilahad ang panig ng manunulat. | Naniniwala ang manunulat na itoay hindi makatarungan. |
| 4. Itala ang tatlong dahilan kung bakit ito ang panig niya. | Ginamit niyang dahilan ang mga sumusunod:<br>a. deterens teori<br>b. retribusyon<br>c. pagiging arbitrari |
| 5. Ano ang kanyang kongklusyon? | Ang parusang kamatayan ay hindi makatarungan. |

Gawain 4: Sumulat ng isang tekstong argyumentativ, gamit ang mga sumusunod na gabay. Maaaring umisip ng paksang higit mong naiibigan o pumili ng nakatala sa ibaba. Ipatsek sa iyong guro. May katumbas itong 20 puntos.

*Pagbabawas ng Pork Barrel ng mga Mambabatas: Nakasasama o Nakatutulong sa Mamamayang Pilipino?*

*Dapat Parusahan ng Kamatayan ang mga Taong Gumawa ng mga Karumal-dumal na Krimen*

*Ang Jueteng ay Dapat na Maging Legal sa Pilipinas*

__________________________________________

(Pamagat)

Tatalakayin ko rito ang __________________________________(paksa).

May dalawang panig ito: __________________________________(Unang panig) at

____________________________________________________ (Ikalawang panig).

Naniniwala akong ______________________________________ (Ang iyong panig)

Narito ang aking mga patunay: Una, _____________________________________

__________________________________________________. Nasabi ko ito dahil ___

______________________________(Ipaliwanag ang unang patunay). Ikalawa, _____

___________________________________________________________. (Ilahad

ang ikalawang patunay). ________________________________________(Magbigay

ng halimbawa sa ikalawang patunay).______________________________________.

At sa huli, ____________________________________________(Ang ikatlong

patunay).

Bilang kongklusyon, masasabi kong ____________________________________

(panghuling paliwanag at depensa). Kaya, naninindigan akong __________________

__________________________________________ (Pagbibigay-diin sa iyong panig).

Ang mga sagot ay depende sa piniling paksa ng mga mag-aaral. Ipakita sa guro ang iyong isinulat. Ang guro mo ang magwawasto ng isinulat na tekstong argyumentativ sa tulong ng patnubay na format. May katumbas itong 20 puntos.

**Lagumin**

Natapos mo nang pag-aralan ang katangian ng tekstong argyumentativ at ang paraan sa pagsulat nito. Balikan mo ang ilang mahahalagang impormasyong dapat mong tandaan.

1. Ang tekstong argyumentativ ay naglalahad ng panig ng isyung pinaniniwalaan. Ito ay may layuning makahikayat na sumang-ayon ang mambabasa sa panig ng manunulat.

2. Ito ay dapat na may mga patunay na batay sa isang pag-aaral at/o pananaliksik upang maging matibay ang mga ebidensyang sumusuporta sa argumento.

3. Dapat na maayos at lohikal ang paghahanay ng mga kaisipan upang maging mabisa ang argumento.

4. Gumagamit ng mga tiyak na pang-ugnay ang paglalahad upang maipakita ang koneksyon ng mga kaisipan sa iba pang mga ideya sa talata. Maaaring gamitin ang mga pang-ugnay na tulad ng: **ngunit, bagamat, subalit, datapwat**, at mga salita o pariralang gaya ng: **una, ikalawa, sa paglalagom, bilang konklusyon, samakatwid** at iba pang kauri nito.

**Subukin**

A. Basahin at suriin ang mga teksto. Isulat sa sagutang papel ang **A** kung argyumentativ, at **H** kung hindi.

____1. Malayo na ang nararating ng Japan kung sayans at teknoloji ang pag-uusapan.

Maraming imbensyon na ang kanilang nagawa lalo na sa larangan ng robotiks. Iba-ibang uri ang nagawa na nila para sa iba-iba ring pangangailangan ng tao.

____2. Ang mga robot ay isang malaking insulto sa kakayahan ng mga tao. Bagamat masasabing ang mga ito ay nakatutulong sa pagpapagaan ng gawain ng tao, hindi maikakailang inaagawan nito ng hanapbuhay ang tao. Halimbawa sa halip na mag-empleo ng mga tauhang may kakayahang mag-ayos at magsuri ng mga rekord ng isang kumpanya, bumibili na lamang ng kompyuter. Ang gawain ng isang grupo ay madaling nagagawa sa isang kompyuter lamang. May katangian din itong napagsasabay-sabay ang maraming gawain. Nakatitipid nga ang mga kumpanya subalit paano kung masira o magbug-down ito?

____3. Ang labis na paggamit ng cellphone ng mga kabataan ay nakasasama. Una, mapapabayaan nilang gawin ang mas mahahalagang mga bagay tulad ng pag-aaral at pagtulong sa mga gawaing-bahay. Ikalawa, higit silang nagiging magastos. Kung minsan, kahit na ang badyet na para sa kanilang pagkain ay nagagamit para lang magka-load. Karagdagan pa rito, tulad ng kompyuter, ang mga cellphones ay may radiation na mabilis na nakapagpapalabo ng mata.

____4. Tinatayang hihigit sa 50% ng populasyon ng Pilipinas ang magkakaroon ng sariling cellphone sa darating na taon. Nangangahulugang mga 42 milyong Pilipino ang tatangkilik sa mga higanteng komyunikeysyon network na nakabase rito. Batay sa inisyal na report, ang Globe Telecom at Smart Communications ay may 31 milyon nang *subscribers* sa kasalukuyan. Ang Sun Cellular Network naman ay mayroon nang 1 milyong tagatangkilik at inaasahang mabilis na madaragdagan pa ito sa susunod na taon.

____5. Ang nauudlot na pagpapataw ng buwis sa text messages ay tila matutuloy na. Kapag nagkataon, mahihirapan ang mga taong nasanay nang magtext maya't maya sapagkat naging bahagi na ito ng kanilang pang-araw-araw na gawain. Ang Pilipinas ay itinuturing na *Text Capital of the World* dahilan sa pambihirang rekord nito ng bilyong bilang ng naipadalang text messages sa isang araw. Kung magkakabuwis nga ito, paano na ang mga estudyante at ang iba pang mahilig magtext pero wala namang hanapbuhay?

B. Isulat ang mga angkop na pang-ugnay upang magkaroon ng lohikal na paghahanay ng kaisipan ang talata.

| | | |
|---|---|---|
| Una | Subalit | Kung gayon |
| Ikalawa | Samakatwid | Karagdagan pa |

Naniniwala akong dapat na may sapat na parusang makapagtuturo ng leksyon sa mga kriminal. Personal kong pinaninindigan noon na ang parusang kamatayan ay makatarungan. **(1)________** matapos kong masuri ang maraming impormasyon, nabago ang aking paniniwala. Naunawaan ko na ang parusang kapital tulad ng kamatayan ay walang gaanong buting naidudulot. **(2)** ________, maaari itong maging bias o may pinapaborang panig. **(3)** ________, iniiwas nito ang kriminal na magdusa nang habambuhay sa bilangguan. Nagiging mas magaan pa nga ang kanilang parusa kung tutuusin. **(4)** ________, kung minsan hindi rin napaparusahan ang tunay na

maysala tulad ng nangyari na sa ilang mga kaso. Samakatwid, **(5)** ________ ako ay naniniwalang hindi dapat igawad ang parusang kamatayan sa mga kriminal.

C. Sumulat ng isang tekstong argyumentativ, gamit ang mga sumusunod na gabay. Maaaring umisip ng paksang higit mong naiibigan o pumili ng nakatala sa ibaba. Ipatsek sa iyong guro. May katumbas itong 20 puntos.

*Kloning: Nakasasama o Nakatutulong sa Sanlibutan?*

*Dapat Parusahan ng Kamatayan ang mga Taong Nang-aabusong Sekswal sa mga Bata at Kabataan*

*Ang Prostitusyon ay Sagot sa Kahirapan kaya Dapat na Maging Legal*

______________________________________________

(Pamagat)

Tatalakayin ko rito ang ____________________________________(paksa).
May dalawang panig ito: ____________________________________(Unang panig ) at
__________________________________________________________ (Ikalawang).
Naniniwala akong ________________________________________ (Ang iyong panig)
Narito ang aking mga patunay. Una, _______________________________________
___________________________________________________. Nasabi ko ito dahil ___
______________________________(ipaliwanag ang unang patunay). Ikalawa, _____
____________________________________________________________. (Ilahad
ang ikalawang patunay). ________________________________________(Magbigay
ng halimbawa sa ikalawang patunay).______________________________________.
At sa huli, ______________________________________________ (Ang ikatlong
patunay).
Bilang kongklusyon, masasabi kong _____________________________________
(panghuling paliwanag at depensa). Kaya, naninindigan akong __________________
___________________________________________ (Pagbibigay-diin sa iyong panig).

Itsek mo ang iyong mga sagot. Ganito ba?

A.

1. H
2. A

C. Ang mga sagot ay depende sa piniling paksa ng mga mag-aaral. Ang guro ang magwawasto ng isinulat na tekstong argyumentativ.

3. A
4. H
5. H

sa tulong ng patnubay na format.
May katumbas itong 20 puntos.

B.
1. Subalit
2. Una
3. Ikalawa
4. Karagdagan pa
5. Samakatwid

Tama bang lahat ang iyong mga sagot? Kung Oo, maaari ka nang tumuloy sa sub-aralin 2. Kung hindi, balikan mo ang mga bahaging hindi gaanong naging malinaw sa iyo. Pagkatapos, sagutan mo ang mga gawain sa Paunlarin.

**Paunlarin**

Piliin lamang ang mga gawaing makatutulong sa iyo,

Gawain 1 Basahin ang teksto. Pagkatapos sagutin ang mga tanong sa kolum A. isulat ang mga sagot sa kolum B. Maaaring susing salita o parirala lamang ang isulat.

Ang jenetik engineering ay nakabubuti sa sanlibutan. Ito ay isang modernong proseso, at katulad ng kahit na anong uri ng pagbabago, natural lamang na ito ay tutulan ng marami. Totoong marami pang dapat idevelop dito bago tuluyang gamitin subalit ang riserts at development na ang bahalang magsagawa nito.

Samakatwid, ang produkto ng mas malawakang pag-aaral at riserts ang nagpapahintulot na nagkaroon ng mas maraming pagpipilian o opsyon ang mga tao. Kung gayon ang jenetik engineering ay mas nakabubuti kaysa nakasasama.

Anu-ano ang mga kabutihang naidudulot nito? Una, posible na ang mga mag-asawang hindi magkaanak at ayaw namang mag-ampon ay magkaroon ng anak na may relasyong bayolojikal sa kanila. Una, mabibigyan nito ng pagkakataon ang mga mag-asawang nakahandang magmahal at mag-aruga ng sarili nilang anak. Ang teknoloji sa reproduksyon ay instrumento lamang upang matupad ang isang pangarap. Ikalawa, ang kloning ay magagamit upang magkaroon ng anak na hindi kailanman madadapuan ng sakit. Ang pag-aalis ng depektibong *genes* ay isang kasiguruhang hindi siya magkakasakit at mabubuhay siya nang maligaya. Ikatlo, maaaring magklon ng isang tao na magpoprodyus ng isang bahagi ng katawang magliligtas sa isang maysakit.

Ang jenetik engineering ay isang halimbawa kung paanong ang imposible ay nagiging posible. Ito ay ginagamit upang lalong mapaunlad ang uri ng pamumuhay ng tao. Maaaring may mga nang-aabuso sa paggamit nito, subalit mas matimbang ang mga benepisyong nagagawa nito kaysa sa kasamaan. Sa pagkakataong ito, matibay kong pinaninindigan na ang jenetik engineering ay nakabubuti sa sangkatauhan.

(Saling-halaw sa http://www..planetpapers.com/Assets/)

| | |
|---|---|
| 1. Ano ang paksa ng teksto? | |
| 2. Anu-ano ang dalawang panig ng isyu? | |
| 3. Ilahad ang panig ng manunulat. | |
| 4. Itala ang tatlong patunay na ginamit niya | a.<br>b.<br>c. |
| 5. Ano ang kanyang kongklusyon? | |

Gawain 2 Piliin ang mga angkop na pang-ugnay upang maihanay nang lohikal ang mga kaisipan.

Dapat na tuklasin ng tao ang hindi niya nalalaman **(1. sapagkat, subalit)** dapat siyang maging maingat. Naniniwala ako sa agham **(2. dahil sa, ngunit**) hindi ko ipagpapalit dito ang aking pananalig sa Diyos. Malayo na ang narrating ng tao, **(3. sapagkat, datapwat)** hindi sapat iyon upang akalain niyang siya ay makapangyarihan. (**4. Bukod dito, Sa paglalagom**), ang tao ay hindi kailanman magiging higit sa Lumikha sa kanya. Ang totoo, dapat tayong magtulungaa at magmahalan upang makasama Niya sa Kanyang kaharian. **(5. Sa kabuuan, Lalo`t higit)**, masasabi kong ang tao ay nilikhang may kakulangan sapagkat ang kanyang kapupunan ay nasa kanyang kapwa.

Itsek ang iyong sagot.

Gawain 1 Tekstong Argyumentativ

| | |
|---|---|
| 1. Ano ang paksa ng teksto? | Jenetik engineering |
| 2. Anu-ano ang dalawang panig ng isyu? | Nakabubuti o nakasasama |

| | |
|---|---|
| 3. Ilahad ang panig ng manunulat | Nakabubuti ang jenetik engineering. |
| 4. Itala ang tatlong patunay na ginamit niya | a. Posibleng magkaanak ang mag-asawang walang kakayahang magkaanak.<br>b. Hindi dadapuan ng sakit ang klon.<br>c. Maaaring magprodyus ng bahagi ng katawang defektiv. |
| 5. Ano ang kanyang konklusyon? | Nakabubuti ang jenetik engineering |

Gawain 2 Salitang Nag-uugnay

1. Subalit
2. ngunit
3. datapwat
4. Bukod dito
5. Sa kabuuan

Gawain 3 Argyumentativ o Hindi

1. H
2. A
3. A
4. A
5. A

Marahil ay malinaw na sa iyo ang araling ito. Ngayon, maaari ka nang magpatuloy sa Sub-aralin 2.

## Sub-Aralin 2:

## Pagkilala sa Positiv at Negativ na Opinyon
## Pagsulat ng Positiv at Negativ na Opinyon

Layunin:

1. napipili ang mga positiv na opinyon sa loob ng teksto
2. natutukoy ang mga negativ na opinyon sa loob ng teksto
3. nakasusulat ng mga positiv at negativ na opinyon



**Alamin**

Sa kasalukuyan napakakaraniwan nang marinig na may malubhang sakit ang isang tao. Kanser! Nakatatakot at nakapangingilabot na sakit, di ba? Napakahirap at napakagastos pa. Ang problema, wala pang natutuklasang lunas o mga tiyakang paraan upang maiwasan ito.

Dapat harapin nang buong tatag ang ganitong sakit tulad din ng iba pang mga pagsubok sa buhay. Manalig sa Panginoon. Paano nga ba kung ang isang miyembro ng pamilya mo ang magkaroon ng sakit na walang lunas? Mahirap, di ba? Huwag naman sana.

Kung labis na ang paghihirap ng pasyente sa loob ng mahabang panahon, papayag ka ba sa *mercy killing*? Euthanasia ang katawagang teknikal sa *mercy killing*. Sa palagay mo ba dapat nang gamitin sa kanya ang euthanasia? Ano ang opinyon ng ibang tao tungkol dito? Payag ba sila o hindi? Malalaman mo ang pananaw nila sa artikulong ito.

**Linangin**

Sige, simulan mo na ang pagbabasa. Alamin mo ang mga opinyong inilahad.

**Euthanasia**

Ang opinyon ng publiko tungkol sa euthanasia at pagpapakamatay sa tulong ng mga doktor ay hati. Isang sarbey na ginawa ng Gallup Organization sa Canada noong Hulyo 1995 ang nagpatunay na unti-unti nang natatanggap ng mga tao ang mga kabutihang nagagawa nito.

Ang isa sa mga itinanong ay ganito: Kung ang isang tao ay may sakit na wala nang lunas, may bantang mamatay na kaagad at nagpapahirap pa nang lubos sa pasyente, sa tingin nyo pwede na ba siyang patayin dahilan sa awa (mercy killing)? Ipagpalagay na ang pasyente ay may nakasulat na hiling.

Sarisari ang naging sagot dito:

"Hindi dapat. Hintayin ang tamang oras na siya ay kukunin ng Diyos."

"Oo, kung labis na siyang nahihirapan."
"Talagang dapat na, kung mismong ang pasyente ang humihiling."
"Ayoko nakatatakot iyon."
"Tunay na mas mabuti kaysa maghirap siya nang matagal. Maawa tayo sa kanya."
"Ayaw ko, labag yan sa kautusan ng Diyos."

Napatunayan ng tanong na hati nga ang opinyon ng publiko subalit napapansin na mayroon nang mas pumapabor dito. Ang ikatlong bahagi ng populasyong sinarbey ay naniniwalang dapat na masunod ang desisyon ng pasyente.

Paano nga ba kung halimbawang matapos maibigay ang gamot na tatapos sa buhay ng pasyente, may nabasa kang bagong tuklas na lunas sa sakit niya ilang araw bago ang pagpatay? Kung ikaw ay miyembro ng pamilya ng pasyente, ano kaya ang mararamdaman mo?

(Saling-halaw mula sa http://www.123helpme.com/view.esp?id)

Balikan mo ang tanong kanina. Papayag ka ba sa *mercy killing*? Mahirap sagutin, hindi ba? Marahil ay nagtatalo ang iyong isip kung sasang-ayon ka o hindi. Tinitimbang-timbang mo ang buti at samang maaaring idulot nito. Tama, ganoon nga! Bago mo sang-ayunan o hindi sang-ayunan ang isang ideya dapat na pag-isipan mo itong mabuti. Ano kaya ang opinyon ng iba tungkol dito?

Sige, alamin mo naman kung ano ang sinasabi nila tungkol sa euthanasia.

Isulat ang mga opinyon ng mga sumang-ayon sa euthanasia sa unang kolum, sa ikalawa ang hindi sumang-ayon.

| Sang-ayon | Hindi Sang-ayon |
|---|---|
| 1.<br><br>2.<br><br>3. | 1.<br><br>2.<br><br>3. |

Ganito rin ba ang naging sagot mo? Ihambing mo nga.

| Sang-ayon | Hindi Sang-ayon |
|---|---|
| 1. "Oo, kung labis na siyang nahihirapan."<br>2. "Talagang dapat na kung mismong mga pasyente na ang humihiling."<br>3."Tunay na mas mabuti kaysa maghirap pa siya nang matagal." | 1. "Hindi dapat, hintayin ang tamang oras na siya ay kukunin ng Lumikha."<br>2. "Ayoko, nakatatakot iyon."<br><br>3. "Ayaw ko, labag 'yan sa kautusan ng Diyos." |

Tama bang lahat ang sagot mo? Marahil. Anu-ano ang napansin mo sa mga sagot sa dalawang kolum? Magkaiba ng opinyon, di ba? Paano mo nalamang magkaiba? Syempre, dahil sa magkasalungat na opinyon tungkol sa isang isyu. Ang sang-ayong panig ay tawagin mong **POSITIV** na opinyon at ang hindi sang-ayon ay **NEGATIV** naman.

Pansinin na may mga palatandaan o marker upang matiyak kung anong uri ng opinyon ang ipinahahayag sa artikulo. Anu-ano ang ginamit sa positiv? Tama ka. Ginamit ang mga salitang: **Oo**, **Talaga** at **Tunay**. Samantala sa negativ ay ginamit naman ang: **Hindi**, **Ayoko** at **Ayaw ko.**

Ang mga salitang ginagamit sa positiv na opinyon ay tinatawag na salitang **panang-ayon**. Naglalahad ito ng pagpayag sa isang ideya o kaisipan. Kabilang din dito ang mga salitang tulad ng: *Opo, tunay na tunay, talagang-talaga, dapat, sang-ayon, payag, pwede* at iba pang kauri nito.

Halimbawa:

1. **Opo**, sasama ako sa kampanya laban sa paglaganap ng bawal na gamot.
2. **Sang-ayon** ako sa ideya mong dapat na unawain ang mga sugapa sa bawal na gamot.

Sa pagpapahayag naman ng negativ na opinyon ay ginagamit ang mga salitang **pananggi**. Naipapahayag naman ito sa pamamagitan ng mga salitang tulad na: *hindi sang-ayon, salungat, kontra, wala, hindi maaari, hindi pwede* at iba pang kauri nito.

Halimbawa:

1. **Hindi maaari**ng lumiban sa miting tungkol sa kapayapaan sa susunod na linggo.
2. **Salungat ako** sa ideyang pagbomba`t pagpatay sa mga rebelde.

Naunawaan mo ba ang aralin? Subukin mo ngang gawin ang mga pagsasanay.

**Gamitin**

Gawain 1 Isulat sa patlang ang **POS** kang positiv ang opinyon at **NEG** kung negativ. Bilugan ang panandang salitang ginamit dito.

_______1. Oo, dapat tayong magtipid sa kuryente para makatulong sa ekonomiya ng bansa.

_______2. Talagang nagsisikap ang pamahalaang makaahon sa kahirapan ang bansa.

_______3. Hindi makatutulong ang pagtitipid sa ganitong sitwasyon.

_______4. Walang mangyayari sa bansang hindi tunay na malaya.

_______5. Kontra sa loob ko ang pag-aambag ng karaniwang empleyado sa kaban ng bayan upang malutas ang suliranin.

Itsek mo ang iyong sagot.

1. POS – Oo
2. POS – Talaga
3. NEG – Hindi
4. NEG – Wala
5. NEG – Kontra

Kumusta? Nadalian ka ba? Sige, magpatuloy ka.

Gawain 2 Suriin ang mga opinyon. Isulat sa patlang ang nawawalang uri nito. Gumamit ng hiwalay na sagutang papel.

| POSITIV | NEGATIV |
|---|---|
| 1. Dapat na gawing sabdibisyon ang mga lupaing agrikultural.<br>2. ________________________<br>3. Digmaan ang sagot sa terorismo. | 1. ________________________________<br>2. Hindi ako sang-ayon na gawing legal ang aborsyon. |

| | |
|---|---|
| <br><br><br>4. ______________________<br>______________________<br><br><br>5. ______________________<br>______________________ | 3. ______________________________<br>______________________________<br><br>4. Walang kahihinatnan ang bayang may mga mamamayang walang malasakit sa sarili.<br><br>5. Kontra ako sa anumang hakbang na papabor sa mga negosyante. |

Humigit-kumulang, ganito ang iyong magiging sagot.

1. Negativ – Hindi dapat na gawing sabdibisyon ang mga lupaing agrikultural.
2. Positiv – Sang-ayon ako na gawing legal ang aborsyon.
3. Negativ – Hindi digmaan ang sagot sa terorismo.
4. Positiv – May kahihinatnan ang bayang walang malasakit sa sarili.
5. Positiv – Sang-ayon ako sa anumang hakbang na papabor sa mga negosyante.

**Lagumin**

Tapos mo nang pag-aralan ang pagkilala at pagtukoy sa mga positiv at negativ na opinyon. Mahalagang matandaan mo ang mga sumusunod na impormasyon.

1. Dalawang paraan ang paglalahad ng opinyon – positiv at negativ.

2. Ang positiv na opinyon ay nagpapahayag ng pagpayag o pagsang-ayon sa isang kaisipan, bagay o kilos. Maaaring gamitin ang mga salitang tulad ng : **Oo, tunay, talaga, sigurado, sang-ayon** at iba pang hawig nito na may himig ng pagsang-ayon.
3. Ang negativ na opinyon ay naglalahad ng pagsalungat o pagtanggi. Maaaring gamitin ang mga salitang tulad ng**: hindi, wala, ayaw, ayoko, salungat** at iba pang kauri nito.

**Subukin**

A. Panuto: Isulat ang **POS** kung positiv at **NEG** kung negativ ang opinyong inilalahad ng mga pangungusap.

_______ 1. Tama lamang na alamin ang problema at ang solusyon dito.

_______ 2. Kailangang manatiling mulat sa mga pangyayari.

_______ 3. Huwag kondenahin kaagad ang mga rebelde.

_______ 4. Naniniwala ako na sila rin ay may mga lehitimong isyu.

_______ 5. Hindi ka dapat na magbulag-bulagan.

B. Panuto: Suriing mabuti ang teksto. Pumili ng tatlong positiv at tatlong negativ na opinyon mula rito. Isulat sa hiwalay na sagutang papel.

> Hindi sagot ang digmaan sa terorismo. Kung papatayin ba ang mga terorista, tuluyan nang mawawala ang problema? Gaano naman tayo kasigurado na mapapatay ang lahat ng "nanggugulo?"
>
> Dapat tayong manindigan. Huwag nating panoorin lamang ang mga pangyayari tulad ng isang pelikula. Makiisa tayo sa mga hakbanging lulutas sa tunay na problema. Talagang magiging magulo ang daigdig kung walang magmamalasakit. Alamin ang kanilang isyu at maging bahagi ng solusyon. Hindi sila dapat ipagwalambahala. Makisangkot!

Ihambing ang iyong sagot dito.

A. POS – NEG

1. POS
2. POS
3. NEG
4. POS
5. NEG

| B. Positiv | Negativ |
|---|---|
| 1. Dapat tayong manindigan.<br>2. Makiisa tayo sa nga hakbanging lulutas sa tunay na problema.<br>3. Alamin ang kaniang isyu at maging bahagi ng solusyon.<br>4. Makisangkot ! | 1. Hindi sagot ang digmaan sa terorismo.<br>2. Huwag nating panoorin lamang ang mga pangyayari tulad ng isang pelikula.<br>3. Hindi dapat magwalambahala. |

Kung tama ang iyong mga sagot, maaari ka nang tumuloy sa Sub-aralin 3.

Kung mayroon pang hindi gaanong malinaw, balikan ang bahaging ito. Pagkatapos gawin na ang mga pagsasanay sa Paunlarin.

**Paunlarin**

Piliin lamang ang mga bahaging kailangan mo.

Gawain 1: Isulat ang **POS** kung positiv at **NEG** kung negativ ang opinyong inilalahad ng mga pangungusap.

_______ 1. Wala na tayong magagawa tungkol sa paghihirap ng bansa.

_______ 2. Hindi dapat parusahan ang mga mamamayang naghihirap.

_______ 3. Talagang darating ang panahong makaaahon tayo kung magkakaisa.

_______ 4. Kontra ako sa mungkahing solusyon ng konggreso.

_______ 5. Dapat na magtulungan ang sambayanan upang makaahon sa kahirapan.

Gawain 2: Suriin ang mga opinyon. Isulat sa patlang ang nawawalang uri nito. Gumamit ng hiwalay na sagutang papel.

| POSITIV | NEGATIV |
|---|---|
| 1. Kailangan puksain ang mga taong nasa likod ng bawal na gamot. | 1. ___________________________ |
| 2. ___________________________ | 2. Hindi maaaring paalisin ang mga dayuhang negosyante sa bansa. |
| 3. ___________________________ | 3. Hindi dapat na digmain ang mga rebelde. |
| 4. Tunay na malikhain at dakila ang mga imbentor. | 4. ___________________________ |
| 5. Tunay na tunay kailangan natin ng mga robot. | 5. ___________________________ |

Ganito, humigit-kumulang ang iyong sagot. Itsek mo.

A. POS – NEG

1. NEG
2. NEG
3. POS
4. NEG
5. POS

B.
1. Negativ – Hindi dapat puksain ang mga taong nasa likod ng bawal na gamot.
2. Positiv – Dapat paalisin ang mga dayuhang negosyante sa bansa.
3. Positiv – Dapat nadigmain ang mga rebelde.
4. Negativ – Hindi malikhain at dakila ang mga imbentor.
5. Negativ – Hindi natin kailangan ang mga robot.

Sub-Aralin 3:

# Pagkilala at Paggamit ng mga Salitang Nagpapahayag ng Dami, Lawak at Lokasyon

Layunin:

Natutukoy at nagagamit nang wasto sa pagpapahayag ang mga salitang naglalahad ng:

1. dami o lawak (tiyak o di-tiyak)
2. lokasyon o direksyon

**Alamin**



Ang Pilipinas ay may mahabang kasaysayan ng pananakop ng mga dayuhan. Alam mo ba kung sinu-sino ang mga banyagang sumakop dito? Tama ka. Ang mga Kastila, Hapones at mga Amerikano. Bakit kaya gustung-gusto ng mga dayuhang maangkin ang ating bansa? Masagana kasi ito sa likas na yaman bukod pa sa mababait ang mga Pilipino.Ito nga lamang kaya ang tunay na mga dahilan?



Alam mo bang isang malaking dahilan din ng kanilang interes ay ang istratehikong lokasyon nito sa mapang pandaigdig? Marahil ay nirerevyu mo sa iyong isip ang lokasyon nito, ano? Bakit nga ba? Malalaman mo ang sagot sa artikulong babasahin mo.


**Linangin**

Ang teksto ay tumatalakay sa lokasyon ng Pilipinas at iba pang mga mahahalagang impormasyon tungkol dito. Tingnan mo nga kung matatandaan mo ang mga detalyeng kaugnay nito. Maaari ka nang magsimula.

## Pilipinas: Tulay at Lagusan ng Ugnayang Pandaigdig


Ang arkipelago ng Pilipinas ay binubuo ng 7,107 isla. Matatagpuan ito sa bandang itaas ng ekweytor sa Timog-Silangang Asya sa pagitan ng latitude na $4^{o}$23” at $21^{o}$25” sa hilaga at longitude na $116^{o}$ at $127^{o}$ sa silangan. Ito ay may kabuuang sukat na 300,000 kilometro kwadrado.

Sa sulyap pa lamang sa mapang pandaigdig, ay kaagad na mapapansing ito ay may istratehikong lokasyon. Hindi nakapagtataka na ang mga banyagang sumakop sa Pilipinas



sa iba't ibang panahon ay naging makapangyarihan sa daigdig – at humina kaagad ang kanilang pwersa pagkatapos nilang umalis dito. Dahilan sa istratehikong lokasyong ito, ang Pilipinas ay nakatakdang gumanap ng mahalagang papel sa kasaysayan ng daigdig.

Una, ang Pilipinas ay nagsisilbing tulay sa pagitan ng kultura ng Silangan at Kanluran. Ikalawa, matatagpuan ito sa gitna ng internasyonal na daang panghimpapawid at pandagat. Ikatlo, gumaganap itong matibay na depensa ng demokrasya sa isang lugar na maraming diktador at kung saan ang komunismo ay nakapangingibabaw sa mga bansa sa Asya. Ikaapat, ito ang moog ng Kristyanismo sa pagitan ng maraming Kristiyano sa Kaunlaran at kakaunting Kristiyano sa Silangan. Kung gayon ay nagsisilbi itong "Liwanag ng Kristiyanismo sa Daigdig."



Dahilan sa ito ay matatagpuan sa halos gitna ng Asya, ito ay ideyal na lugar para sa kaunlurang industriyal, teknolojikal at exportasyon. Maraming mga banyagang imbentor ang nahihikayat na mamuhunan dito. Ipinagmamalaki ng Pilipinas ang murang pwersa ng paggawa at ang mataas na antas ng literasi. Ang mga manggagawa ay may mataas na pinag-aralan, madaling sanayin at marunong mag-Ingles. May malawak din itong "manpower" na may mataas na kasanayan sa paggamit ng kompyuter at kasanayang teknikal. Ang komunikasyon sa bansa ay patuloy na dinidevelop at pinauunlad upang mabisang magamit sa kalakalan.

Sa kasalukuyan ang populasyon nito ay umaabot sa 84.6 milyong Pilipino. Masasabing patuloy na sinisikap ng mga Pilipino na mapataas pa ang antas ng pamumuhay sa Pilipinas sa kabila ng napakaraming mga suliraning humahadlang dito.

(Saling-halaw mula sa http://www.garmentasia.com)

Pamilyar ba sa iyo ang mga nabasa mo? Marahil ay oo.

Ngayon, balikan mo ang ilang mga tanong kanina. Bakit malaking dahilan din ng interes ng mga dayuhan ang istratehikong lokasyon ng Pilipinas? Dahil sa kanilang pulitikal na interes, madaling maging daanan ang Pilipinas patungo sa iba't ibang direksyon sa daigdig di ba? Ito rin ay nagsisilbing pinto tungo sa kaunlarang ekonomiko, di ba?

Ipagpatuloy mo pa ang pagsusuri.

Gawain 1: Punan mo nga ng mga impormasyon ang dialog box batay sa binasang artikulo.

1. Saan matatagpuan ang Pilipinas?
2. Tiyakin mo nga ang lokasyon nito sa mapang pandaigdig.
3. Ano ang kabuuang sukat ng teritoryo ng Pilipinas?
4. Ilan ang pinakamalalaking pulo nito? Anu-ano?
5. Gaano karami ang populasyon ng Pilipinas?

Ganito ba ang iyong sagot? Itsek mo.

1. Sa bandang itaas ng ekweytor, sa Timog-Silangang Asya.
2. Nasa pagitan ito ng latitude na 4$^{o}$23” at 21$^{o}$25” sa hilaga at longitude na 116$^{o}$ at 127$^{o}$ sa silangan.
3. 300,000 kilometro kwadrado.
4. Tatlo. Luzon, Visayas, Mindanao.
5. Tinatayang 84.6 milyon na.

Ngayon, suriin mo nang isa-isa ang mga tanong at sagot mo.

- *Saan matatagpuan ang Pilipinas?*

Anong impormasyon ang hinihingi ng tanong? Lugar, di ba? Itinatanong ang lokasyon kung saan makikita ang Pilipinas. Ano ang naging sagot mo? ***Sa bandang itaas ng ekweytor, sa Timog-Silangang Asya***. Nagbigay ka naman ng tiyak na deskripsyon ng lugar.

Kung may globo o mapa nga pala dyan sa lugar na pinag-aaralan mo, tingnan mo ang lokasyon ng Pilipinas.

Heto naman ang ikalawang tanong:

- ***Tiyakin mo nga ang lokasyon nito sa mapang pandaigdig***.

Ang naging sagot mo ay: ***Nasa pagitan ito ng latitude na $4^o$23" at $21^o$25" sa hilaga at longitude na $116^o$ at $127^o$ sa silangan.***Mas naging tiyak o ispesifik ang tanong di ba? Kaya nagbigay ka naman ng tiyak ding sagot. Kung may mapang hawak ang babasa, madaling makikita ang lokasyon nito.

Pansinin ang paraan ng pagsagot. Anu-ano ang mga susing salitang ginamit? Tama. **Sa bandang itaas**, **sa Timog-silangang Asya**, **sa pagitan ng**, **sa hilaga**. Ganitong mga salita ang ginagamit upang maipakita o maituro ang **LOKASYON** o **DIREKSYON** ng lugar.

Marami pang mga salitang maaaring gamitin tulad ng: **sa kaliwa, sa dulo, sa gilid, sa ilalim, sa ibabaw, sa tabi** at iba pang kauri nito.

Halimbawa:

**Sa bandang kanan, gitna ng mapa ng Luzon,** matatagpuan ang Isla ng Mindoro.

Tingnan mo naman ang mga kasunod na tanong:

- *Ano ang kabuuang sukat ng teritoryo ng Pilipinas?*

Kabuuang sukat naman ang hinihingi, di ba? Kung gayon ay **LAWAK** ng nasasakupang lupain ang dapat isagot.

Sinagot mo ito ng **300,000 kilometro kwadrado.** Tama ka. Bilang ang sagot at dapat na **TIYAK** ito**.**

Sinundan ito ng mga tanong na:

- *Ilan ang malalaking pulo nito?*
  ***Tatlo*** ang sagot mo, tama?

Pagkatapos ay:

- Gaano karami ang populasyon nito?

Sinagot mo naman ng: ***84.6 milyon***. Napansin mo marahil na **DAMI** naman ang hinihinging impormasyon kaya bilang ang sagot .

Tandaan mo na kapag dami o lawak ang pinag-uusapan, bilang ang sagot. Maraming mga salitang maaaring gamitin upang makapaglahad ng ganitong impormasyon.

Nahahati ito sa dalawang uri: **Tiyak** at **di-tiyak**. Kung tiyak, nagbibigay ito ng eksaktong bilang. Halimbawa: *Dalawampu't dalawa, iisa, kalahating dosena, isang milyon* at iba pa.

Pangungusap: Ang **isa**ng gawa ng pagmamalasakit sa kapwa ay maaaring magbunga ng marami pang kabutihan.

Kung hindi tiyak, nagbibigay lamang ito ng estimasyon, walang ispesifikong bilang. Halimbawa: *marami, kakaunti, lahat, iilan* at iba pang kauri nto.

Pangungusap: **Iilan**g tao lamang ang tumugon sa panawagan ng pamahalaan.

Maaari rin itong gamitan ng mga salitang nagmumungkahi ng bilang tulad ng: *mga tatlo* (maaaring dalawa, tatlo o higit pa marahil), *humigit-kumulang ay isandaan*(anumang bilang mula marahil sa siyamnapu hanggang isandaan at labinlima.), *nasa lima, siguro mga…*

Pangungusap: **Mga lima**ng grupo siguro ang nakakuha ng benepisyo sa programang inilunsad ng pamahalaan.

Naunawaan mo ba? Kung oo, magpatuloy ka.

**Gamitin**

Tingnan mo kung mailalapat mo ang iyong natutuhan. Subuking gawin ang mga pagsasanay.

Gawain 1 Suriin ang teksto. Isulat sa hiwalay na sagutang papel ang mga salita o pariralang nagpapahayag ng lokasyon o direksyon.

Ang arkipelago ng Pilipinas ay mga 800 kilometro mula sa *mainland* ng Asya. Ito ay nasa pagitan ng Taiwan at Borneo. Kung maglalakbay mula sa San Francisco, California patungo sa Maynila, ito ay may 10,000 kilometro. Mula naman sa Honolulu, Hawaii ay 8,000 kilometro, sa Tokyo, Japan ay 2,900 kilometro, mula sa Singapore ay 2,400 kilometro at 1,000 kilometro mula sa Taiwan at Hongkong.

Napansin mo marahil na ang nilalaman ng teksto ay halos lokasyon o direksyon lang. Ganito ang mga sagot:

1. mga 800 kilometro mula sa *mainland* ng Asya
2. nasa pagitan ng Taiwan at Borneo
3. mula sa San Francisco tungo sa Maynila ay 10,000 kilometro
4. mula sa Hawaii, 8,000 kilometro
5. mula sa Tokyo, Japan 2,900 kilometro
6. mula sa Singapore, 2,400 kilometro

7. mula sa Hongkong at Taiwan, 1,000 kilometro

Gawain 2 Basahin ang teksto. Isulat sa kolum **A** ang mga salita o pariralang nagpapahayag ng lawak, sa kolum **B** ang dami. Gumamit ng hiwalay na sagutang papel.

Ang labing-isang pinakamalalaking pulo sa Pilipinas ay may 94% na kabuuang sukat ng lupa. Ang Luzon ay may kabuuang sukat na 105,000 kilometro kwadrado. Ang kasunod ay Mindanao sa 94,600 kilometro kwadrado naman. Ang mga isla ay karaniwang may makikitid na kapatagan. Maraming din itong mga aktibong ilog ngunit kakaunti lamang ang maaaring gamiting transportasyon. May mga baybayin ito na hindi naman gaanong malawak.Iilan na lamang ang mga kagubatang maraming puno dahil sa iligal na pagtotroso.

| LAWAK | DAMI |
|---|---|
| | |

Ganito, humigit-kumulang ang iyong magiging sagot.

| LAWAK | DAMI |
|---|---|
| 105,000 kilometro kwadrado<br>94,600 kilometro kwadrado | 11 pulo<br>94% sukat ng lupa<br>maraming ilog<br>kakaunting ilog pantransportasyon<br>iilang kagubatan |

Gawain 3 Isulat sa patlang ang angkop na salitang nagpapahayag ng dami, lawak at lokasyon batay sa kaisipang nasa talata. Pumili ng isasagot sa sumusunod na listahan.

| | | | |
|---|---|---|---|
| mas malaki | malaki(-ng) | isa(-ng) | karagatan |
| kailaliman | Atlantic Ocean | kakaunti(-ng) | doon ituktok |
| marami(-ng) | doon | dito | |

**Atlantis**

Naimapa at napag-aralan na ng mga *sattelites* ang bawat sulok ng mundo. Subalit magpahangga ngayon, nananatiling **(1)**__________ katanungan ang nawawalang kontinente: Atlantis, Totoo ba o likhang-isip lamang?

Si Plato, **(2)**__________ pilosopong Griyego ang ama ng ideyang may Atlantis. Mababasa ito sa kanyang isinulat na Timateus at Critias. Matatagpuan daw ito sa **(3)**___________ (lokasyon). Ipinagpapalagay niya na may sukat itong **(4)**__________ pa kung pagsasamahin ang Africa at Asia Minor. Ayon sa alamat, ang isla ng Atlantis ay marahan na itinapon sa **(5)**___________ ng pwersa ng kalikasan. Ang **(6)**___________ nakaligtas dito ay

lumangoy tungo sa pinakamalapit na baybayin at sila ang nagkuwento ng mga pangyayari.

**(7)**____________ espekulasyon ang naganap matapos nito. Naroong ang Atlantis daw ay (**8**)___________ matatagpuan noong araw sa Espanya, Mongolia, Palestine at Greenland. May naniniwala namang ito ay nasa Netherlands, Sweden at Yucatan. Ang **(9)**___________ ng globo ay sinasaliksik – kaliwa, kanan, ibabaw, bawat sulok. Doon sa (**10**)____________ ng bundok, sa mainit na disyerto, sa (11)kailaliman(lokasyon) ng dagat at kahit na ang walang swipag na lupa ng Antartika. Ngunit nanatili pa ring walang sagot. Atlantis, totoo ba o likhang isip lamang?

(Saling-halaw mula sa Atlantis: We Will Never Know http://www.planetpaper.com/Asset)

Itsek mo ang iyong sagot:

1. malaking
2. isang
3. Atlantic Ocean
4. malaki
5. karagatan
6. kakaunting
7. Maraming
8. doon
9. kabuuan
10. ituktok

**Lagumin**

Natapos mo na ang pag-aaral tungkol sa mga salitang nagpapahayag ng dami, lawak, lokasyon o direksyon. Mahalagang matandaan ang ilang mahahalagang impormasyon.

1. Kapag ang hinihinging impormasyon ay tungkol sa lokasyon o direksyon, ang tinutukoy ay lugar o pook. Maaaring gamitin ang mga salitang nagtuturo ng direksyon tulad ng: **sa kaliwa, sa itaas, sa tabi, sa dulo, sa gitna** at iba pang kauri nito.

2. Kapag ang pinag-uusapan ay dami o lawak, ang ginagamit na mga salita ay may kaugnayan sa bilang. Maaari itong maging tiyak o hindi tiyak. Ang mga tiyak na bilang ay tulad ng: **dalawa, kalahati, sangkapat, isang dosena, sampu, sandaan** at iba pa. Samantala, sa di-tiyak ay maaaring gamitin ang: **iilan, kaunti, marami, lahat,** at iba pang kauri nito.

**Subukin**

Basahin ang teksto. Isulat sa kolum **A** ang mga salita o pariralang nagpapahayag ng lawak, sa kolum **B** ang dami at **C** ang lokasyon o direksyon. Gumamit ng hiwalay na sagutang papel.

Ang Pilipinas ay binubuo ng tatlong grupo ng malalaking pulo: Luzon, Visayas at Mindanao. Ang mga isla ng Luzon ay may apat na nasasakupan: ang Luzon mismo, Mindoro, Palawan at Masbate. Ang Visayas naman ay may ilang maliliit na isla rin tulad ng Panay, Negros, Cebu, Bohol, Leyte at Samar. Ang isla ng Mindanao ay Mindanao din mismo, kasama ang

Arkipelago ng Sulu kung saan matatagpuan ang Basilan, Sulu at Tawi-Tawi. Ang mga pulo ay volkanik, bahagi kasi ito ng *Pacific Ring of Fire*. Karamihan din ay bulubundukin. Ang pinakamataas na bahagi ay ang ituktok ng Bundok ng Apo sa Mindanao na may sukat na 2,945 metro sa ibabaw ng level ng dagat. Ang ikalawang pinakamataas ay nasa Luzon, ang Bundok Pulog na may taas na 2,842 metro sa ibabaw ng level ng dagat.

May kabuuang sukat ang teritoryo nito na 300,000 kilometro kwadrado. Ang lawak ng nasasakupang lupa ay 298,170 kilometro kwadrado samantalang ang tubig ay 1,830 kilometro kwadrado. Ang buong baybayin nito ay 36,289 kilometro kwadrado.

Ganito ba ang iyong sagot?

| DAMI | LAWAK | LOKASYON |
|---|---|---|
| tatlo | 2,945 metro | sa ibabaw ng level ng dagat |
| apat | 2,842 metro | ituktok ng bundok |
| ilan | 36,289 kilometro kwadrado sa baybayin | Pacific Ring of Fire |
| karamihan | 298,170 kilometro kwadrado sa lupa | Bundok ng Apo sa Mindanao |
| | 1,830 kilometro kwadrado sa tubig | Bundok Pulog sa Luzon |

Kung tama ang lahat ng iyong sagot, maaari ka nang kumuha ng Panghwakas na Pagsusulit. Kung hindi, balikan ang mga bahaging kinakailangang mong irevyu. Pagkatapos gawin ang pagsasanay sa Paunlarin.

**Paunlarin**

Gawain: Isulat ang mga nawawalang salitang tumutukoy sa lawak, dami at lokasyon na angkop sa kaisipang tinatalakay sa talata.

**Negros Occidental**

| | | |
|---|---|---|
| Negros Occidental | 7,926.07 kilometro kwadrado | 13 |
| Hilagang-kanluran | 125 kilometro kwadrado | Dagat ng Sulu |
| Isla ng Panay | gitna(-ng) | |

Matatagpuan ang Negros Occidental malapit sa**( 1**.) _________bahagi ng Pilipinas. Isa ito sa limang lalawigang nasasakupan ng Visayas o Rehiyon VI. Ito ay nasa (**2**) __________ng Isla ng Negros.Sa hilaga nito ay ang Dagat ng Visaya, at sa timog ay ang (**3)**__________. Ito ay nasa timog-silangan ng (**4)**___________ na ang tanging naghihiwalay ay ang Guimaras Strait. Sa silangan nito ay makikita ang Tanon Strait at ang Negros Oriental.

Ang (**5**)____________ ay isang mahabang lawak ng lupain na itinatayang may sukat na 372 kilometro kwadrado mula sa dulong pa-hilaga. May hugis itong parang sapatos na boots kung titingnan sa mapa. Sa kabuuan, ito ay may sukat ng lupain na (**6)**___________ o 792,607.00

ektarya. Binubuo ito ng (**7)**__________ syudad. Ang Lunsod ng Kabankalan ay pinakamalaki ay 726.40 kilometro kwadrado. Samantala, ang Lunsod ng Escalante ay siyang pinakamaliit at may sukat na (**8**) ______________.

Itsek ang iyong sagot:

| | |
|---|---|
| 1. gitna(-ng) | 5. Negros Occidental |
| 2. hilagang kanluran | 6. 7,926.07 kilometro kwadrado |
| 3. Dagat ng Sulu | 7. 13 |
| 4. Isla ng Panay | 8. 125 kilometro kwadrado |

## *Gaano ka na kahusay?*

I. Panuto: Isulat ang **A** kung argyumentativ, at **H** kung hindi argyumentativ ang teksto.

_____ 1. Dapat na kondenahin ang walang pahintulot at labag sa batas na paggamit ng kompyuter. Isa itong panganib sa ekonomiyang pandaigdig. Dahil sa walang pakundangang paggamit nito, nalalagay sa hindi mabuting sitwasyon ang mga bangko at korporasyon. Maaaring mabangkrap ang mga kumpanya dahilan dito.Dagdag pa, pati ang mga pribadong buhay ng mga mamamayan at dokumento ng mga ahensya ng gobyerno ay nalalagay sa panganib na magamit nang labag sa batas. Isa pa ay nagkakaroon ng pagnanakaw na intelektwal. Sa palagay ko, dapat lamang na maparusahan ang mga kriminal at abusado sa paggamit ng kompyuter.

_____ 2. Sa harap ng patuloy na pagtaas ng presyo ng langis sa pandaigdigang pamilihan, may alternatibong maaaring ikonsidera ang Pilipinas. Ito ay ang paggamit ng natural gas. Ang Department of Science and Technology sa pamamagitan ng Philippine Council for Energy Research and Development ay sumusuporta sa pagsusulong nito. Natagpuan sa Palawan ang isang mina ng natural gas na may 3.4 trillion cubic feet. Sinasabing makasasapat ito sa 20 taong suplay ng kuryente kung idedevelop. Noong Oktubre 16, 2002, inilunsad ni Presidente Arroyo ang Natural Gas Vehicle Program for Public Transport bilang unang hakbang tungo sa paggamit ng nasabing alternatibo.

_____ 3. Ang preserbasyon ng pagkain ay unang natuklasan ng isang French *chemist* na si Nicholas Appert. Naobserbahan niya na ang mga pagkaing ininit sa selyadong lalagyan ay hindi nasisira kung hindi ito bubuksan o mapapasukan ng kahit na hangin man lamang. Dito nagsimula ang malawakang pag-unlad ng preserbasyon ng pagkain. Limampung taon matapos ng pagtuklas, isa na namang Pranses ang nakaimbento ng isa pang paraan. Ito ay tinawag na *pasteurization*, hango sa pangalan ni Louis Pasteur. Siya naman ang nakakita ng relasyon ng *microorganism* at pagkasira ng pagkain. Mula rito, nagsimula ang preserbasyon sa paglalata ng mga pagkain.

_____ 4. Ang pagpaparami ng pagkain sa pamamagitan ng jenetiks ay isang malaking isyung dapat talakayin. Dapat ba o hindi dapat na gamitin ito? Ayon sa ilan, ito raw ay magaling at nakatutulong nang malaki sa buhay ng tao. Samantalang ang sabi ng iba, marami raw

itong ibubungang makasasama sapagkat hindi gumagamit ng likas na paraan ng produksyon. Maaari raw itong makasira sa prodaktiviti ng lupa at makalason sa mga katabing halaman.

_____ 5. Patuloy na lumalaki ang populasyon ng mundo. Dapat bang kontrolin ang pagdami ng tao sa pamamagitan ng kontraseptivs? Naniniwala akong hindi dapat. Una, ang likas na pagpaparami ng tao ay mula sa Diyos kaya hindi dapat labagin. Ikalawa, ang kalikasan ay may sariling paraan ng pagbabalanse ng kaganapan sa daigdig kaya hindi natin ito dapat problemahin. Ikatlo, kung ang problema ay pagkakaroon ng kakulangan sa pagkain at iba pang pangunahing pangangailangan… pagsisikap at pagmamalasakit lamang ang solusyon diyan.

II. Panuto: Piliin ang angkop na pang-ugnay upang mabuo ang teksto. Isulat ang sagot sa sagutang papel na nakalaan.

Samakatwid Samantala upang kapag
Sapagkat kung gayon ngunit

Makabubuti nga ba o makasasama ang mga imbensyong ginagawa ng mga pangunahing kumpanya sa Japan? Marami ang naniniwalang ito ay kakaiba at nakatutuwa, (**1**)______________ ay nakatutulong.(**2**) ______________, ang iba ay nagsasabing ito ay isang banta sa kaligtasan ng buhay ng tao at isang panganib sa lipunan.

Kunin nating halimbawa ang bagong imbensyon ng Sony. Tinawag nila itong SDR-4X. Isang robot na may kakayahang sumayaw at kumanta. May taas itong halos dalawang talampakan, may dalawang paa at 38 sugpungan (body joints). Dahil dito, kaya nitong mag-boogie. Maaari rin itong makakilala ng 10 mukha ng tao at mabati sila nang personal. Sa kasalukuyan, tinatangka ng mga siyentista ng Sony na maging interaktiv ang SDR-4X (**3**)________________ tuluyan itong magkaroon ng kakayahang makisalamuha sa mga tao. Halimbawa, (**4**)_______________ kapag binati mo ito nang maayos,gayundin ang kanyang gagawin. Kapag inabuso mo, iiyak naman.

Paano kung katulad ng ibang imbensyon, magkaroon ng pagkakamaling hindi naman inaaasahan? Paano kung maging marahas ang reaksyon ng mga robot? Magwasak ito ng mga ari-arian, at ang pinakamasama sa lahat, manakit o pumatay ng tao? Kung magkakaganoon, hindi ba napakalaking panganib ang ibibigay nito? (**5**)_______________, nararapat lang na pag-ukulan na masusing pagsusuri ang mga imbensyong katulad nito.

III. Panuto: Isulat ang **POS** kung positiv, at **NEG** kung negativ ang mga pahayag.

_____ 1. Makabubuti sa kaunlaran ng bansa ang pagkakaroon ng mga disiplinadong mamamayan.

_____ 2. Tunay na mahalaga ang pakikisangkot sa mga isyu ng lipunan.

_____ 3. Hindi maaaring umunlad ang mga taong walang pakialam sa nangyayari sa paligid.

_____ 4. Salungat ako sa proposisyong paggamit ng kontraseptivs upang makontrol ang paglaki ng populasyon.

_____ 5. Ang mararahas na programa sa telebisyon ay may masamang epekto sa isipan ng mga bata at kabataan.

IV. Panuto: Isulat kung ang mga salitang nakabold ay tumutukoy sa **dami**, **lawak** o **lokasyon**.

**Isla ng Camiguin**

Ang pangalang *Camiguin* ay nanggaling sa salitang *Kamagong*, isang uri ng puno na karaniwan noon **(1) sa isla**.Ang mga Manobo mula sa Surigao ang unang nanirahan dito. Ayon sa mga dokumentong natagpuan noong Panahon ng Kastila, ang mga dakilang manlalakbay na sina Ferdinand Magellan at Miguel Lopez de Legaspi ay nakarating **(2)dito** noong 1521 at 1565.

Ang Camiguin ay isang pulong volkanik na matatagpuan sa Dagat ng Bohol, **(3)54 na kilometro** sa hilagang Mindanao. Dahilan sa pagsabog ng **(4) pitong** bulkan, nabuo ang napakagandang isla kaya binansagang"Isinilang ng Apoy." Wala pang matatagpuang lugar sa Timog-Silangang Asya na maaaring makapantay sa kagandahan ng lugar na ito.Itinatayang may sukat itong **(5)238 kilometro kwadrado**. Ang mga kalsada ay may sirkumperensyang **(6) 64 na kilometro**. Naging bahagi ang Camiguin ng Misamis Oriental hanggang noong 1968. Pagkatapos ay naging hiwalay na parte ng Rehiyon X o **(7)Hilagang Mindanao.** Sa kasalukuyan**,** may **(8)70,000** na ang populasyon nito**.**

Itinuturing itong isa sa **(9) 25** pinakamagagandang isla ng Pilipinas na paboritong destinasyon ng mga turista.Ibinilang din itong ika-7 sa pinakamahuhusay na *diving spot* sa buong mundo. Isang paraisong hindi pa naaabuso ng tao at ng modernisasyon.Nasa **(10)gitna ng dagat**, may maiinit at malalamig na mga bukal ng tubig, naggagandahang mga talon, malinis na kapaligiran, mayamang kagubatan at halamanan, at kahanga-hangang lokasyon.

IV. Sumulat ng isang tekstong argyumentativ, gamit ang mga sumusunod na gabay. Maaaring umisip ng paksang higit mong naiibigan o pumili ng nakatala sa ibaba. Ipatsek sa iyong guro. May katumbas itong 20 puntos.

*Panood ng mga Bata ng Anime: Nakasasama o Hindi?*

*Dapat Parusahan ng Kamatayan ang mga*
*Taong Gumagawa ng Karumal-dumal na Krimen*

*Ang mga Batang Lansangan ay Repleksyon*
*ng Uri ng Pamamalakad ng Pamahalaan*

_________________________________________

(Pamagat)

Tatalakayin ko rito ang __________________________________(paksa).

May dalawang panig ito: __________________________________(una) at

______________________________________________________ (ikalawa). Naniniwala

akong _____________________________________ (Ang iyong panig)

Narito ang aking mga patunay. Una, ____________________________________

________________________________________________. Nasabi ko ito dahil ___

____________________________(ipaliwanag ang unang patunay). Ikalawa, _____

________________________________________________________. (Ilahad

ang ikalawang patunay). ______________________________________(Magbigay

ng halimbawa sa ikalawang patunay).____________________________________.

At sa huli, __________________________________________ (ang ikatlong

patunay).

Bilang konklusyon, masasabi kong ___________________________________

(panghuling paliwanag at depensa). Kaya, naninindigan akong _________________

________________________________________ (Pagbibigay-diin sa iyong panig).



Susi sa Pagwawasto

Modyul 7

Pagbibgay ng Opinyong Positiv at Negativ
At Pagpapahayag ng Dami, Lawak at Lokasyon

**I. A** o **HA**

a. A
b. HA
c. HA
d. A
e. A

II. Pang-ugnay

1. kung gayon
2. Samantala
3. upang
4. kapag
5. Samakatwid

III. . POS-NEG

1. POS
2. POS
3. NEG
4. NEG
5. NEG

IV. Dami, Lawak, Lokasyon

1. lokasyon
2. lokasyon
3. lawak
4. dami
5. lawak
6. lawak
7. lokasyon
8. dami
9. dami
10. lokasyon

V. Ang guro ang magwawasto ng bahaging ito sa tulong ng patnubay na format. Ang katumbas nito ay 20 puntos.